

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil ang mundo na nilikha Niya, at ang lahat ng inilagay Niya rito, ay mabuti. Pasalamatang Siya sa paglikha sa iyo ayon sa Kanyang wangis o imahe at sa pagmamahal, kahalagahan, at layunin na ibinigay Niya sa iyo.
- Hingin sa Diyos na lalo pa Niyang ipakita ang kapangyarihan at kabutihan Niya sa buhay mo araw-araw. Ipanalangin na lumakas pa ang pananampalataya mo habang patuloy kang namumuhay sa piling Niya.
- Ipanalangin na habang hinahangad mo na mas makilala pa ang Diyos at maisapamuhay ang katauhan at layunin na mayroon Siya para sa iyo, ikaw ay maging mahusay na patotoo sa mga tao sa paligid mo.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

# THE STORY OF US

FILIPINO WEEK 1

## Imahe ng Diyos

### WARM-UP

- Ano ang gusto mong maging noong bata ka? Bakit mo ito gusto?
- May nilikha ka bang bagay na ipinagmamalaki mo? Ano ang bagay na ito?
- Magkuwento tungkol sa isang sitwasyon kung saan ginamit mo ang isang bagay para magawa ang hindi naman naka-disenyo para dito. Ano ang bagay na ito at ano ang nangyari dito?

### WORD

*Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.*

**GENESIS 1:1**

(Basahin ang buong **GENESIS 1.**)

Sa Bibliya, ang aklat ng Genesis ay nagbigay ng mga detalye tungkol sa pinagmulan ng tao at ng buong mundo. Ang Diyos ang nagtatag ng lahat—Siya ang Tagapaglikha, Taga-disenyo, at ang Maykapangyarihan sa lahat. Ngayon, titignan natin ang karunungan at layunin ng Diyos nang likhain Niya ang mundo mula sa kawalan at ang tao ayon sa Kanyang wangis o imahe.

## 1 Nilikha ng Diyos ang mundo.

<sup>1</sup>Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa. <sup>2</sup>Ang mundo noon ay wala pang anyo at wala pang laman. Ang tubig na bumabalot sa mundo ay balot ng kadiliman. At ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ibabaw ng mga tubig. **GENESIS 1:1,2**

Bago ginawa ng Diyos ang daigdig, ang mundo noon ay wala pang anyo at wala pang laman. Sa buong kabanata ng Genesis, makikita natin kung paano pinuno ng Diyos ang mundo ng liwanag, lupa, mga halaman, at iba't ibang mga hayop. Nilikha at dinisenyo ng Diyos ang lahat at inihayag Niya na ang lahat ng ito ay mabuti. Ipinapakita nito na Siya ang nagsasabi kung ano ang mabuti at kung ano ang hindi. Sa ganito ring paraan, ipinahahayag sa atin ng Kanyang Salita kung ano ang mabuti at kung ano ang hindi. Paano naapektuhan ng kaalamang ito ang paraan mo ng pamumuhay?

---

---

## 2 Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang wangis o imahe.

<sup>26</sup>Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang." <sup>27</sup>Kaya nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis niya.

**GENESIS 1:26,27**

(Basahin din ang **GENESIS 2:7,8.**)

Matapos Niya likhain ang mundo at ang lahat ng nandito, nilikha Niya ang tao. Hindi Niya ito ginawa sa pamamagitan ng salita kundi maingat Niyang *nilikha ang tao mula sa lupa, hiningahan ito sa ilong ng hiningang nagbibigay-buhay*. Naiiba ang tao mula sa iba pang mga bagay na nilikha Niya dahil sa paraang ginamit Niya. Hindi lamang tayo hinubog ng Kanyang mga kamay, kundi tayo rin ay nilikha ayon sa Kanyang wangis at ginawa nang may ganap na layunin. Ang bawat indibidwal ay mahalaga para sa Kanya. Ano ang sinasabi ng Mga Salmo 139:13-17 tungkol sa kahalagahan natin sa Diyos?

---

---

## APPLICATION

- May malalim ka bang relasyon sa Diyos na lumikha sa iyo? Gusto mo bang isuko ang buhay mo sa Kanya at kilalanin Siya ngayon?
- Paano lumalakas ang loob mo na mamuhay nang may pananampalataya dahil sa kaalaman na mabuti at makapangyarihan ang Diyos? Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang maranasan ang kabutihan at kapangyarihan Niya?
- Naniniwala ka bang pinahahalagahan ka ng Diyos at may layunin Siya sa buhay mo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayon upang isapamuhay ang pagkakakilanlan at layunin Niya para sa iyo?